IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

TANDA NG KATANDAAN: LIKOM-LAYAG-LUNSAD SA PAMANANG YAMANG KULTURA, PANITIKAN, AT WIKANG FILIPINO SA LUNGSOD NG TANAUAN

Fatima Lucia Santos-Melanio, Ph.D.

Lyceum Northwestern University, Dagupan City, Philippines
Tanauan School of Fisheries

https://doi.org/10.5281/zenodo.14310740

ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa paglikom ng mga pamanang yamang Tanaueňo na nagmula sa danas at kuwento ng katandaan mula edad 60 pataas. Ang mga impormante ay nahati upang isakatuparan ang nasabing paglikom na dumaan sa proseso ng paglayag gaya na lamang ng pagkuha o pagkolekta ng impormasyon sa pamamagitan ng mga panayam sa katandaan, nagtala ng ilang obserbasyon sa kanilang mga gawi, salita at kilos at pagsagot sa talatanungang tinugunan ng katandaan na may kinalaman sa pag-aaral. Ang mga impormante ay binuo ng katandaang may edad 60 hanggang 100 taong gulang pataas na nagmula sa iba't ibang barangay sa Lungsod ng Tanauan. Sa ginawang pagsisiyasat o pakikipanayam, kinuha ang palagay at pananaw ng katandaan hinggil sa paksa ng pag-aaral. Naipakilala sa bagong henerasyon ang mga pamanang yaman ng kultura, panitikan at wikang Filipino sa Lungsod ng Tanauan na nagmula sa danas at kuwento ng mga kapapanayaming katandaan. Tanging ang katandaan na lehitimong naninirahan sa Tanauan, simula kapanganakan hanggang kasalukuyan, ang nakasama at naging impormante ng pananaliksik. Hindi isinama ang katandaan na ipinanganak sa Tanauan ngunit nanirahan sa ibang lugar o bayan (Batangas man o ibang probinsya) at maging ang mga isinilang sa ibang bayan na malaon ay lumipat sa Tanauan. Gayundin, hindi rin nakasama sa pag-aaral ang mga taga-ibang bayan na nakapag-asawa lamang ng taga-Tanauan. Sa tulong ng pananaliksik na ito, nailikom ang mga pamang yamang mayroon sa Lungsod ng Tanauan. Nailayag sa pamamagitan nang matamang pagsasaliksik at pakikipanayam. At ito ay patuloy na ilulunsad upang maging tanda ng katandaan na magiging marka sa pamanang yamang Tanaueño.

Susing Salita: *Likom, Layag, Lunsad, Pamanang Yaman, Katandaan, Lungsod ng Tanauan*

PANIMULA

Ang kultural na pagsipat o pagdalumat sa iba't ibang aspekto ng pamanang yamang Filipino ay isang masidhi at masalimuot na paglalantad sa kabuoan ng isang pagkakakilanlan. Isang maligoy na proseso na nangangailangan nang maingat na paglalahad at pagsasakonteksto nang may napakaraming pagsasaalang-alang sa kasaysayan at masusing pag-uugnay-ugnay ng mga dokumento at tala mula sa mga balido at mapagkakatiwalaang mga sanggunian, materyal at hindi materyal na kultura at seryeng panayam sa danas ng mga indibidwal na kabahagi ng pangkat ng katandaan.

Sa pagdaan ng maraming panahon, malaki ang mga naging pagbabagong hatid ng mga pananakop na naganap sa mga pamanang yaman ng Pilipinas gaya ng panitikan, kultura at wikang sinasalita ng isang bansa o bayan. Ang pamanang yamang Filipino ay karaniwang inilalarawan bilang nasasalaming kultura, panitikan at wikang ginagamit sa Pilipinas. Kaakibat nito ang panghihikayat na gamitin at pahalagahan ang sariling yaman bilang patunay na ang mga ito ay umusbong din sa sariling kalinangan na may sariling kahusayan at pinaunlad na karunungan.

Kapag pag-uusapan ang pamanang yamang Filipino, mas madalas na nakapaloob dito ang konsepto ng pagkakaroon ng sariling kultura, panitikan at wika na may kinalaman sa paghahanap ng pagkakakilanlan ng isang bansa o bayan at sa pagsisikap na maipakilala ang mga elemento ng kalinangang yaman ng mga Pilipino. Sa larang na ito, masasabing malayo na ang narating ng mga pananaliksik ukol sa mga tinutukoy na mga pamana, kaya mas mabigat ang dahilan na ito'y sariwain, balikan, pahalagahan at gamitin upang lalong manatiling buhay, mabigyang-pansin upang hindi mamatay at upang hindi makalimutan. Ang pagpapalawak ng ganitong pananaw ay tuwirang pagsusulong ng pag-iral ng isang metakognitibong kaisipan o maigting na pagsipat o pagpapahalaga sa mga ito. Mas madalas, ito ay nakasandig sa pagsisikap na maitanghal at/o maipakilala sa lahat ng mamamayan.

Kaakibat ng pagpapalawig at pagsusulong ng pamanang yamang ito, ang ilang mga bahaging unti-unting nawawala, namamatay at nakalilimutan na hindi na naipakikilala sa kasalukuyang panahon. Kabilang sa mga kalinangang bayang nakalilimutan at nawawala na ay ang mayamang panitikan, wika at kultura na umusbong panahon pa ng katutubo. Hindi ganap na nagkaroon ng pagsasalin sa mga salinlahi ang mga pamayanang yamang ito. Kaya naman, kapag namatay ang isang matanda na may mayamang kaalaman sa mga pamanang kultura, wika at panitikan, doon na rin nagtatapos ang salita at mga kuwentong batid at alam niya. Hindi naisasalin sa mas nakababata at hindi naisulat upang maging saligan at batayan sa pagdaan ng maraming panahon. Kung tutuosin, malaki ang magiging ambag nito sa kurikulum ng Filipino. Mas mapatataas ang antas ng wika at panitikan gaya na lamang ng pagtalakay sa mga sinusong wika o dili kaya ay mga barayti o baryasyon o mga panumbasan sa mga

lalawiganing anyo ng salita. At kung panitikan naman ang pag-uusapan, mainam na gawing saligan o lundayan ang mga panitikang batid at alam ng katandaan, maaaring gamitin sa lokalisasyon at pagsasakatutubo ng panitikang mayaman sa pagpapakilala ng kultura at tradisyon ng isang bayan. Hantad ito sa *K to 12 Curriculum*, ang mapaigting ang holistiko o ganap na kahusayan ng mag-aaral sa kultura at wikang taglay ng mag-aaral. Kung malilikom o matitipon, maisasadokumento ang mga nakalap na mga danas o kuwento ng katandaan at mailunsad ang mga ito upang ipakilala naman sa iba ang mga pamanang yamang ito, tiyak na magiging mabunga at magiging tanda o marka ng katandaan ang nasabing pamanang yamang ito.

Sa pagdaan ng panahon, habang nakikipagsabayan sa bilis ng teknolohiya at pamumuhay, patuloy namang nawala rin ang ilang mga kuwentong-bayan, mga kaalamang-bayan, awiting-bayan at ilan pang mga anyo ng pabigkas na panitikan ng mga ninuno. Nagkaroon din ng pagkakahati sa panitikan dahil sa pamantayan at anyo ng pagsulat na ipinakilala ng mga dayuhang mananakop na hindi pa rin naisadokumento nang maayos. Sa usaping wika, marami na rin naging kabilang sa primitibong wika. Dahil hindi na rin nagagamit ang mga dating talasalitaan na maunlad noong unang panahon. Kasabay ng pagkawala ng mga taong nagsasalita ng wika, ang pagkawala rin ng minanang mayamang wika na mula sa kanila.

Kaya naman, sa hangaring magkaroon ng preserbasyon ang mga nawawalang pamanang yamang ito, nagkaroon ng inisyatibo ang Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining o *National Commission for Culture and the Arts* (NCCA) sa pagbuo ng mga patakarang mangangalaga sa kultural na karanasan ng bansa alinsunod sa pagtatatag ng programa ng *United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization* (UNESCO) batay sa layuning mapanatili at mapatatag ang awtentiko at umiiral na mga gawi at pagkakakilanlan ng iba't ibang grupo ng katandaan na may iba't ibang kuwento, paniniwala at kinamulatan na dapat mapanatili hanggang sa kasalukuyan. Ito ay magsisilbing instrumento sa pagpapakilala sa mayamang pamana ng lahi na mula sa karanasang dapat mabatid ng kasalukuyang panahon.

Batay sa inilahad na mga kaisipan, ang mananaliksik ay nagnanais na malaman ang iba't ibang mga pagbabago sa panitikan, wika at kultura sa pagdaan ng panahon partikular na sa pamanang yaman ng Lungsod ng Tanauan na may mayamang mga kuwento sa likod ng mga kuwento. Malikom ang mga pamanang yamang ito upang maipakilala sa kasalukuyang henerasyon. At mapanatili ang mga pamanang yamang ito sa pamamagitan ng preserbasyon at kultibasyon para sa edukasyon. Tatangkaing maprotektahan at mapanatiling buhay ang mga pamanang yamang ito upang maging tanda ng katandaan sa mayamang kultura, panitikan at wika na mabubuo at magagamit sa iba't ibang panahon.

Sa kabuoan, sisikapin ng mananaliksik na magkaroon ng marka o tanda ang mayamang kuwento ng katandaan na tila hindi naisasadokumento at nawawala na lamang kasabay ng pagkawala at paglisan ng katandaan sa oras na sila ay tuluyan nang magpaalam. Upang mapanatiling buhay ang mga ito, tatangkain at sisikapin ng

mananaliksik na malikom, mailayag at mailunsad ang mabungang pamanang yaman ng kultura, panitikan at wikang Filipino sa Lungsod ng Tanauan.

Paglalahad ng Suliranin

Layunin ng pag-aaral na ito na malikom at mailunsad ang mga pamanang yaman ng Tanaueno upang magkaroon ng marka o tanda ang mayamang kuwento ng katandaan na magsasadokumento at magpapanatiling buhay sa mga ito. Maipakilala sa bagong henerasyon ang mga pamanang yaman ng kultura, panitikan at wikang Filipino sa Lungsod ng Tanauan. Hahanapin sa pamamagitan ng masusing pag-aaral ang tiyak na kasagutan sa sumusunod na katanungan:

1. Ano ang mga pamanang yamang maituturing sa Lungsod ng Tanauan sa aspektong:
   1.1 kultura
      1.1.1 materyal,
      1.1.2 di-materyal;
   1.2 pampanitikan;
   1.3 pangwika?
2. Ano ang kaibahan ng salaysaying laganap na sakop sa kanilang panahon at salaysaying umuusbong ngayon sa usaping:
   2.1 paraan ng paglalahad;
   2.2 elementong taglay;
   2.3 *genre* ng salaysayin; at
   2.4 paggamit ng salita o talasalitaan?
3. Paano nananatili at/ o namamatay ang pamanang kalinangang yaman sa pagdaan ng panahon?
4. Paano mapalalakas ng mga nakalap na pamanang yaman ang lalong pagpapakilala sa mga ito sa Lungsod ng Tanauan?
5. Ano ang mabubuong kagamitang panturong lalong magpapakilala sa hitik na pamanang yaman ng Lungsod ng Tanauan na magiging daan ng preserbasyon, kultibasyon at lokalisasyon ng mga nalikom na impormasyon?

METODOLOHIYA

Sa pag-aaral na ito, ginamit ang disenyong etnograpikong pananaliksik sa pangangalap ng mga pamanang yamang ng katandaan sa usaping kultura, panitikan at wika. Saklaw sa gawaing ito ang panayam, pakikipagkuwentuhan, obserbasyon, pagtatala sa mga salaysay ng katandaan na may malawak na kaalaman sa mga pamanang yamang mayroon sa bayan ng Tanauan mula sa iba't ibang panahon at mga danas ng katandaang makapapanayam at makauusap.Nasa *purposive sampling* ang paraan sa pagpili ng mga barangay na kumakatawan sa lungsod ng Tanauan, ibinatay sa mga barangay na naitalang may malaking bilang o sapat na bilang ng katandaang may edad 60 taong gulang pataas upang makapagbahagi ng kanilang mga danas sa iba't ibang panahon. Nasa paraang *purposive sampling* din sa pangangalap ng impormante

na kung saan bukas ang mananaliksik sa pagkuha ng impormante depende sa kawilihan at sa panahong handang ilaan sa oras ng panayam. Pinagbatayan din sa pagkuha ng impormante ang sumusunod: a) edad 60-pataas; b) ipinanganak at naninirahan sa komunidad/ barangay ng Tanauan simula pagsilang hanggang sa kasalukuyang panahon; c) inirekomenda ng residente at opisyal ng barangay na mabubunot sa *sampling* na maalam sa mga pamanang yaman ng kanilang lugar; at, d) Tanaueno na handang magbahagi ng salimbibig na batid o alam ng mga impormante na may kinalaman sa mga pamanang yaman ng Tanauan. *Semi-structured* na talatanungan ang instrumentong gagamitin sa pag-aaral kung saan bukod sa mga tanong at sagot na makikita sa talatanungan ay bukas din ang mananaliksik at mga impormante sa mga karagdagang tanong at sagot sa mga pamanang yaman mababanggit sa oras ng panayam o tanungan. Ibinatay ang sukatan o pamantayan sa pagpapahalagang kultural ni Ponsalan (2007) ng *Values Education Program Framework* ng Kagawaran ng Edukasyon na nahati sa iba't ibang dimension: pisikal, espirituwal, sosyal, moral, politikal, ekonomikal at intelektuwal ang magiging sakop ng panayam at kuwentuhan.

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa paglikom ng mga pamanang yamang Tanaueño na magmumula sa danas at kuwento ng katandaan mula edad 60 pataas. Ang mga impormante ay mahahati upang maisakatuparan ang nasabing paglikom ay kailangang dumaan sa proseso ng paglayag gaya na lamang ng pangangalap o pangongolekta ng impormasyon sa pamamagitan ng mga panayam sa katandaan, pagtatala ng ilang obserbasyon sa kanilang mga gawi, salita at kilos at pagbibigay ng talatanungan upang tugunin ng katandaan na may kinalaman sa pag-aaral. Ang mga impormante ay binubuo ng katandaang may edad 60-69, edad 70-79, edad 80-89, edad 90-99, at 100 taong gulang pataas, na magmumula sa iba't ibang barangay sa Lungsod ng Tanauan. Limang pinakamaraming katandaan sa apatnapu't walong barangay ang gagamiting impormante sa pag-aaral. Sa gagawing pagsisiyasat o pakikipanayam, kukuhanin ang palagay at pananaw ng katandaan hinggil sa paksa ng pag-aaral. Tanging ang katandaan na lehitimong naninirahan sa Tanauan, simula kapanganakan hanggang kasalukuyan, ang makasasama na maging impormante ng pananaliksik. Hindi isasama ang katandaan na ipinanganak sa Tanauan ngunit nanirahan sa ibang lugar o bayan (Batangas man o ibang probinsya) at maging ang mga isinilang sa ibang bayan na malaon ay lumipat sa Tanauan ay hindi rin kasama sa pag-aaral. Gayundin, ang mga ipinanganak sa ibang lugar na nakapag-asawa ng taga-Tanauan.

Layunin nito na malikom at mailunsad ang mga pamanang yamang Tanaueño upang magkaroon ng marka o tanda ang mayamang kuwento ng katandaan na magsasadokumento at magpapanatiling buhay sa mga pamanang yamang ito. Maipakilala sa bagong henerasyon ang mga pamanang yaman ng kultura, panitikan at wikang Filipino sa Lungsod ng Tanauan na magmumula sa danas at kuwento ng mga kapapanayaming katandaan.

Binigyang-patunay at paliwanag din kung mayroong makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng propayl ng mga kapapanayaming matatanda sa malilikom na pamanang yaman sa usaping kultura, panitikan at wika sa Lungsod ng Tanauan. Sa pagtukoy ng mga impormante, ginamit ng mananaliksik ang *stratified random sampling* na siyang

nakapagbigay-kabuluhan sa isinagawang pag-aaral. Kaya naman, madaling nailapat ng mananaliksik ang mga kahingian ng pag-aaral at malikom ang datos dahil sa pagkakategorya ng katandaan sa edad na 60-69, 70-79, 80-89, 90-99 at 100-pataas.

Kinalabasan ng Pag-Aaral

Ang mga pamanang yaman sa Lungsod ng Tanauan ay lubhang mayaman at sagana lalo na sa kultura, panitikan at maging sa wikang sinasalita. Sa pag-aaral na ito, tinugon ang suliranin na wala pang nagdodokumento at nag-aaral ng mayamang kultura, paniniwala, tradisyon, panitikan at wika ng Tanauan, bukod sa pag-iipon ng mga kalinangang yamang ito, layon din ng pag-aaral na sagutin ang tanong na kung ano ba ang pangunahing diwang namumutawi sa mga kalinangang yamang ito. Sa pamamagitan ng obserbasyon, pananaliksik, at panayam sa katandaan sa piling mga barangay sa Lungsod ng Tanauan ay kinolekta ang mga datos tungkol sa mga pamanang yaman at sa huli ay sinuri upang humalaw ng bagong diwa. Ang diwa ng pagpapanatiling buhay at pagpapanatiling nagagamit na impormasyon sa Lungsod ng Tanauan na kailangang mabatid ng kasalukuyang henerasyon.

Ang kultura ay set ng mga paniniwala, pagpapahalaga, layunin at mga gawaing pinagsasaluhan ng mga tao sa isang organisasyon, institusyon o lipunan (Bernales, 2019). Sa pag-aaral na ito, gagamitin ang kultura bilang isa sa mga pamanang yamang hahanapin ng mananaliksik. Nahahati ito sa dalawa: ang materyal at di-materyal na kagamitan. Ang mga materyal na kagamitan ay pawang mga nakikita o hantad na pamanang yamang maipagmamalaki ng Lungsod ng Tanauan. Ilan sa mga ito ang mga pamoso o kilalang mga lugar na matatagpuan sa nasabing lungsod. Samantala, ang mga di-materyal na kagamitan ay mga hindi nakikita o hantad na bahagi ng pamanang yaman. Kasama rito ang mga tradisyon, pamahiin, paniniwala ng isang bayan o lugar na kanyang kinabibilangan.

Masasalamin din sa mayamang kultura ng Tanauan, Batangas ang kanilang tradisyunal na kasal o pagpapakasal. Kakaiba ang kasalan sa Tanauan, Batangas gaya na rin ng mga nakalap na datos ng mananaliksik. Umaabot ng isang linggo ang paghahanda para sa kasalang garbo, katuwang ang mga kamag-anak, kaibigan, kapitbahay at iba pang mga kakilala sa paghahanda mula sa paghahanda ng pagkain hanggang sa paghahanda ng pook na pupuntahan ng mga bisita matapos ang kasal.

Sa pamamanhikan, ang lalaki ay magalang na hinihingi ang kamay ng babae sa magulang nito, ito ay hindi basta ordinaryo o personal na pakikipag-usap ngunit ito ay maituturing na piyesta sa kagarbuhan. Lahat ng mga kamag-anak, kasama ang tiyuhin at tiyahin, mga lolo at lola, ay pinatatawag upang ipakilala ang mapangangasawa ng babae. Lahat ng mga ipinatawag na kamag-anak ay magbibigay ng payo sa magiging mag-asawa, at maging ang pakikisangkot sa pag-uusap ukol sa petsa at lugar ng kasal. Ang pamilya ng lalaki na magpupunta sa bahay ng babae ay magdadala ng pagkain para sa lahat. May paniniwalang kailangang kanin muna ang ipasok sa pintuan. Kadalasan, ito ang unang pagtatagpo ng pamilya ng babae at pamilya ng lalaki nang harapan. Mahalaga sa bawat pamilya ang unang impresyon nito sa bawat isa, para sa pagbibigay-

basbas sa magiging mag-asawa. Sa pagpili ng araw ng kasal, kailangang buo ang buwan sa araw ng kasal ng mag-asawa na kakatawan sa buong samahan o hindi mapaghihiwalay na Samahan ng magiging mag-asawa. Hindi maaaring magsabay ng kasal ang magkakapatid o sukob. Pinaniniwalaang malas ito sa parehong bahagi ng magkapatid na ikakasal.

May isa pang tradisyon sa lungsod, ang pagsasabit ng mga pera o regalo sa magiging mag-asawa. Ang sabit ay mga piling bagay o regalo na ipagkakaloob sa mag-asawa, hiwalay pa ito sa bigay ng mga Ninong o Ninang. Sa Tanauan, Batangas, iniaanunsyo ang halaga at pangalan ng nagbigay upang mas mahikayat pa ang iba na magbigay ng kanilang kaloob o handog sa magiging mag-asawa. Ang mga kaloob ay maaaring kaing ng prutas o kilo ng gulay, laman ng baboy, karne ng kambing o baka at iba pa. Hindi batid ng mga nakapanayam kung saan talaga nagsimula ang pagpapasabit, ngunit, ito ang katangian ng mga taga-Tanauan na lubhang hanggang sa kasalukuyan ay hantad na hantad sa kanila---ang pagiging mapagbigay at lubos na pagpapasalamat. Isa pang katangiang katangi-tangi sa mga Tanaueño ay ang kanilang lubos na pagpapahalaga sa katandaan na lubos na ipinakikita sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa mga opinyon at saloobin nito kahit sa kanilang mga apo na bubuo na rin ng sariling pamilya.

Sa gabi bago ang kasal, hindi gaya ng ilang paniniwala na hindi maaaring magkita ang babaeng ikakasal at lalaking ikakasal. Ngunit, hindi maaaring magkita sa mismong araw ng kasal. Ang mga bisita ay maaaring tumulong sa pagluluto at maging sa paggagayak ng lugar ng kasalan. Sariwa at kakakatay lamang ang mga ihahandang karne sa kasal, mas mainam na “pinalaki” o “inalagaan” ng mismong pamilya ang gagamiting karne upang maging silbing alay sa pinakamahalagang araw ng ikakasal. Kadalasan, hindi mawawala ang mga lutong kalderetang kambing, embotido, afritadang baboy, ginulay na chopseuy ang kadalasang makikita sa handaan sa kasal.

Napag-aralan sa mga pamanang yamang ito, ang kanilang mga alamat, mga ipinagdiriwang, mga paniniwala, at iba pa na ang halos lahat ng kanilang gawain ay ginagawa nang sama-sama at hindi ng iisang tao lamang, ito ay may kaakibat na pagsasalin sa angkan o sa pamilya. Kung gayon, maaaring maging lundayan o sandigan ito upang mapanatili sa bawat henerasyon ang pamanang yamang mayroon ang lungsod.

Mayaman din ang Tanaueño pagdating sa mga talasalitaang pawang Tanaueño lamang ang nakaaalam o sa madaling sabi, mga lalawiganing salita. Kilala rin ang mga ito sa kakaibang paraan ng pagsasalita at mga puntong mula sa pinakaninuno ay naisalin sa mga nakababatang henerasyon. Matatas, may lalim at matalas ang pananalita ng Tanaueño kaya kung minsan ay napagkakamalang galit o may kaaway ang mga ito. Ang mga salitang mula sa bayan ng Batangan ay hudyat ng malikhain at mayamang kulturang Tanauan-Batangas na katibayan ng malayang kamalayan.

Ang salaysayin ay nangangahulugang paraan ng paglalahad ng isang kuwento o pagpapahayag. Sa pagkakataong ito, ilalahad sa talahanayan ang pagkakaiba ng pagkakaiba sa salaysayin sa paraan ng paglalahad ng kuwento noon at ngayon batay sa

naging tugon ng katandaan at maging sa obserbasyon ng mananaliksik. Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa paglikom ng mga pamanang yamang Tanaueňo na magmumula sa danas at kuwento ng katandaan.. Napatunayan sa ilang pag-aaral na isinagawa sa iba't ibang bansa ang kabuluhan ng pagdukal sa oral na kultura bilang kabahagi sa pambansang kalinangan.

Ang pakikisama ay karaniwang dahilan ng pagkakasakit ng tao. Sa pag-aaral ni Timbreza (2008), hindi lamang sa kapwa-tao bagkus sa ibang nilalang na pinaniniwalaang nakatira sa kapaligiran nakukuha ang pagkakasakit ng tao. Sa pagsipat niya, maaaring ang paniniwala sa suob bilang isang metodo ng panggagamot. Maiuugnay sa pakikisama at pagbibigay-galang sa mga iba pang nilalang sa paligid ang sinabing proseso o metodo. Sa pagsusuri, maaaring ang mga ito ay pamamaraan din upang turuan ang tao na magbigay-halaga sa iba pang naninirahan sa kalikasan (Timbreza, 2008). Maipaliliwanag din ito ng *mystical theory of illness* kung saan ang pagkakasakit ay produkto ng maling gawa ng tao. Samakatuwid, maaaring manunumbalik o tatalsik sa atin ang magiging bunga ng ginawang gawain o ugali ng isang tao.

Pinahahalagahan naman ang pagtatawas sa ilang lugar sa Tanauan, Batangas. Ayon kay Apostol (2010), ang tawas ay isang uri ng *diagnosis* o pagbasa sa karamdamang pisikal, astral, emosyonal o mental ng isang tao. Ang mga Pilipino ay sadyang mahilig sumunod sa mga nakagawian na at sa mga tradisyon. Sila din ay mahilig maniwala sa mga pamahiin. Isa sa mga pamahiin na pinaniniwalaan ay ang pampaswerte sa Bagong Taon; ang ingay at paputok ay pinaniniwalaang nakapag-papaalis ng masasamang espiritu at mabasabasan ng sagana ang Bagong Taon. Sa makabagong panahon ay nananatili pa rin ang pagpapahalaga at pagmamahal ng mga Pilipino sa bayan. Ang kahalagahan ay kinakailangan para sa kaunlaran ng bansa. Sa panahon ng kagipitan o nanganganib ang kapayapaang panlabas ng bansa laban sa mga dayuhan, kinakailangang maging handa ang mga kalalakihan upang ipagtanggol ang bansa. Iginagalang ang sagisag ng bansa, sa pamamagitan lamang nito makikita ang ating pagiging lahing Pilipino. Ang paggamit ng sariling wika ay pagpapatunay ng pagmamahal sa bayan, kaya dapat nating palaganapin ang paggamit nito. Kung panahon ng bagyo, sunog o lindol, maraming mamamayang Pilipino ang tumutulong sa kapwa sa pamamagitan ng pagpapadala ng lumang damit, pagkain, gamot, salapi at iba pang uri ng pagtulong.

Ang Pilipinas ay kilala bilang mayaman sa kultura dahil sa ibat ibang dayuhan na sumakop sa bansa. Ang kultura ng Pilipinas ay pinaghalong impluwensya ng mga katutubong tradisyon at mga kultura ng mga unang mangangalakal at mananakop nito noon. Ang Tagalog-Batangas na sinasalita sa Lungsod ng Tanauan ay malapit na iniuugnay sa Lumang Tagalog na sinasalita bago pa man dumating ang mga Kastila. Sa katunayan, and Summer Institute of Linguistics ay tinatawag ang lalawigan ng Batangas na *Heartland of the Tagalog Language.* Ang isang malakas na presensya na kultura ng Tagalog ay malinaw na nakikita sa kasalukuyang araw.

Ang pinagmulan ng mga Tagalog ay pinagtatalunan pa rin at sinasabi ng mga dalubwika na ang mga ninuno ng mga Tagalog ay nagmula sa lumang bayan ng Taal sa

Batangas na winasak ng pagsabog ng Taal noong unang panahon na malapit sa bayan ng Tanauan. Ang mga pangunahing sentro ng sibilisasyon ng Tagalog ay nakabatay sa pampang lalo na sa mga bayang tinatawag na Taal sa Batangas, Pila sa Laguna at mga kalat na barangay sa Tanauan. Ang wikang Pilipino na mas kadalasang kilala bilang Tagalog ay maraming hiniram na salita galing Kastila. Karamihan sa mga ipinagdiriwang na mga tradisyon ay magkahalong Kristiyano, Pagano at iba pang lokal na seremonya. Bawat taon, ang mga bayan ay nagdiriwang ng Pista. Ang mga pista ay kadalasang may patimpalak, katutubong sayaw, ay mayroon pang sabungan. Ginaganap din ang mga ito sa mga bansang nasakop ng Kastila.

Ang pananaliksik na ito ay pagsasadambana sa dignidad ng mga katutubong wika at sa kultura ng mga komunidad ng Tanauan. Ang wika at kultura ay sadyang nakabuhol sa isa't isa at hindi mapaghíhiwalay kailanman. Ayon pa kay Zeus F. Salazar (1996), kung ang kultura ay ang kabuoan ng isip, damdamin, gawi, kaalaman, at karanasan na nagtatakda ng maangking kakanyahan ng isang kalipunan ng mga tao, ang wika ay hindi lámang daluyan kundi, higit pa rito tagapagpahayag at impukan-kuhanan ng alinmang kultura. Walang kulturang hindi dala ng isang wika na bílang saligan at kaluluwa ay siyang bumubuo, humuhubog at nagbibigay diwa sa kulturang ito.

Tiniyak ng mananaliksik, na lahat ng mga nakalap na impormasyon mula sa nakapanayam ay maisasadokumento, mula sa proseso ng paglalayag hanggang sa proseso ng paglulunsad. Malaking tulong ang mga nakalap na datos upang mas mapaigting at lalong mapanatiling buhay ang mga kalinangang yamang mayroon at taglay ang Lungsod ng Tanauan, Batangas. Katuwang ang Kagawaran ng Edukasyon, mula sa paaralan hanggang sa Sangay ng Lungsod ng Tanauan at maging sa ahensya ng Turismo, ay sisikapin ng mananaliksik na ang mga naisadokumentong mga impormasyon ay isasama at mas ipakikilala sa mga mag-aaral o kabataan at maging sa mamamayang Tanaueño. Layunin ng pag-aaral na ito na manatiling buhay ang mga kalinangang-yamang unti-unting nawawala o namamatay sa pagdaan ng maraming panahon.

Tatangkain ng mananaliksik na ito ay maidaan sa bawat barangay at maging sa Punong Lungsod ng Tanauan upang maipakilala at maging batayan ng dokumentong magpapanatili sa kalinangang-yaman mayroon ang nasabing lungsod. Makikipag-ugnayan ang mananaliksik sa konsehal ng bayang namamahala sa edukasyon at turismo, at maging sa ahensya ng Turismo at Kultura na magpapanatili at magpepreserba ng kultura, wika, at panitikang Tanaueño.

Sa usaping edukasyon, makikipag-ugnayan ang mananaliksik sa Kagawaran ng Edukasyong namamahala sa *Learning Resources Management Development System (LRMDS)* upang ang mga nakalap na wika at panitikan sa lungsod ay maisama sa kagamitang pampagkatuto-pampagtuturo partikular na sa panitikang Rehiyonal. Ang gawaing ito ang mas magpapakilala sa yamang taglay na kikilala sa galing ng Pamanang Yamang Tanaueño.

Sa pagpapalawig lalo't higit ng pamanang yamang nabanggit, mas ipakikilala ito sa antas-Nasyonal kagaya na lamang ng pagpapakilala nito sa NCCA at Komisyon sa Wikang Filipino na lalong kikilala sa natatanging yamang taglay ng Lungsod ng Tanauan, Batangas. Sa pag-aaral nina Edsomwan at Peterson (1992), mayroong hugot sa kasaysayan ng pasalita at pasulat na pagkukwento. Sa pamamagitan ng mga awtentikong materyal na nagsasaad ng mga impormasyon ng kasaysayan at materyal na pagkukwento, mas lumalago ang pag-unawa ng tao sa pamanang yamang mayroon sila. Katulad ng pag-aaral na ito, tatangkain ng mananaliksik na isadokumento at itala ang mga pamanang yamang mayroon ang katandaan sa Lungsod ng Tanauan.

Napatunayan ng mananaliksik na ang pag-aangkla sa mga oral na tradisyon sa pagkukwento ay isang mabisang instrumento upang tuluyang magagap ang mga hinaing ng mga African sa kanilang paggawa o trabaho. Sa pag-aaral na ito, sisipatin din ng mananaliksik kung makaaapekto sa pagbabahagi ng mga pamanang yamang mayroon ang kanilang panahon at maging lugar ang tagal ng pamamalagi ng katandaan sa Lungsod ng Tanauan. Nababalot ng maraming pamahiin at tradisyon ng matatanda tungkol sa bagay na walang relasyon sa kanilang nakikita o ginagawa. Halos bawat okasyon sa buhay ng tao ay may kaakibat na pamahiing dapat sundin upang swertihin at malayo sa kapahamakan. Ito ay mga paniniwala na walang basehan kung ito ay may katotohanan o pawang nagkataon lamang (Soriano, 2015). Malaki ang naging impluwensiya ng mga pamahiin sa buhay ng mga Pilipino lalo na sa mga usapin sa buhay tulad ng kultura, emosyon, tagumpay at kabiguan. Ito ay isang kaugaliang namana sa ating mga ninuno na patuloy pa ring isinasagawa ng karamihan. Ayon sa nakatatanda, ang hindi pagsunod sa mga pamahiin ay nagdudulot ng kamalasan o ng kasawian. Kaugnay sa pagkakasakit, sa konsepto ng kulam o balis, nabatid na ang kadalasang sanhi nito ay inggit o galit mula sa isang taong malapit o kilala rin mismo ng biktima na bibigyan ng lunas sa pamamagitan ng mga dasal, ritwal o gamot na gawa ng isang albularyo o eksperto sa kulam (Alicio, 2009).

Binanggit sa pag-aaral ni Zafra (2010) sa tradisyunal na panggagamot sa Pagbilao, Quezon na ang pagbubuga ng balis, hilot at pagsuob ng taong nagalaw ay buhay na buhay pa rin sa nasabing bayan dahil na rin sa matinding paniniwala, usaping pinansyal at komportableng pakikitungo ng mga albularyo sa nasabing bayan. Kaugnay nito, minabuti ng mananaliksik na pag-aralan ang mayamang kultura ng mga taga-Tanauan, Batangas at kung paanong ang kalinangang yamang ito ay napananatili sa pagdaan ng maraming panahon. Nais mapaigting ng pananaliksik kung paano ito pinahahalagahan ng mga Tanaueño tulad ng katandaan at maging ang kabataan. Mahalagang maisadokumento ito sapagkat ito ang yaman na maaaring ipasa sa susunod na salinlahi, ang pamanang yaman ng kultura, paniniwala, tradisyon, panitikan at wika na bahagi ng kung ano ang mayroon sa kasalukuyan.

Kongklusyon

Mula sa natuklasan mula sa pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon:

1. Sagana sa pamanang yaman ang lungsod ng Tanauan. Napakaraming kuwento ang hindi naisasadokumento na maaaring mawala kung ito ay hindi malilikom, mailalayag at mailulunsad. Sa usaping kultura, pamahiin at tradisyon, nakalap ang mga paniniwalang bagaman walang lehitimong basehan kagaya ng usaping teknikal o agham, ay lubhang pinaniniwalaan. Nasasalamin dito ang maigting na pagpapayaman sa naipasang mga paniniwala na isinasalin din sa iba pang henerasyon. Nagiging sandigan at gabay ng katandaan ang mga natutuhang kultura, pamahiin at tradisyon upang tumalunton sa buhay at danas sa raw-araw. Samantalang, napatunayang sagana rin sa oral na panitikan ang lungsod ng Tanauan. Maraming nakalap na mga kuwentong-bayan, alamat, karunungang-bayan at iba pa na ngayon lamang natagpuan at hindi gaanong kilala ng kabataan sa kasalukuyan. Gayundin, sa pamanang yamang pangwika, mayaman ang bokabularyo at talasalitaang Tanaueño na mahalagang mabatid ang kasalukuyan na maaaring magamit upang makilala ang pagkakakilanlan ng isang mamamayang Tanaueño.
2. Mababatid ang mga pagpapahalagang kultural na hango sa pamahiin at iba pang paniniwala ukol sa buhay. Mataas ang paniniwala sa Diyos, na nabibilang sa dimensyong espiritwal. Nabibilang naman sa dimensyong pisikal ang iba pang pananalig, gaya ng paniniwala sa bulong o kaya ay balis. Naiuugnay naman sa dimensyong ekonomiko ang pagpapagamot sa mga albularyo bilang mga medikong titingin sa kalusugan. Ang kultural na pagsipat sa mga pamanang yamang ito ang isang mainam na lunsaran sa pagpapalawak ng kaalaman sa masikot at masalimuot na tradisyon, pamahiin at maging kultura ng Tanauan. Nagsisilbi itong batayan ng ilan sa mga pagpapahalaga, pilosopiya, at pananaw na maaaaring magamit sa paglalantad ng identidad ng isang Tanaueño.
3. Kinahaharap ng mga pamanang yamang ito ang kultural, espiritwal at global na hamon tungo sa pagbura ng mga malaong kinikilalang tradisyon, paniniwala, kultura, panitikan at wika. Sa paunti-unting pagyakap ng mga makabagong henerasyon sa teknolohiya at mass media, nababawasan ang interes ng Kabataan at kamalayan sa mga gawi na ipinamana ng katandaan. Ang pagyakap sa *entertainment* at panibagong kultura na dala ng mass media, unti-unting naitatakwil ang tradisyong nararapat na ipagpatuloy sapagkat hindi lamang ang kulturang Tanaueño ang nababura kundi maging ang kanilang katauhan at sariling pagkakakilanlan. Gayunpaman, bagaman nagiging malakas ang puwersa ng mass media at teknolohiya sa pag-impluwesiya ng makabagong anyo ng pamanang yaman, napananatili pa rin ang kadalisayan ng kultura sa pamamagitan ng katandaang nagsasalin nito sa kaniyang pamilya. Sa ganitong pagkakataon, bumabalik ang mga ito sa paniniwala at tradisyong kinamulatang pamana pa ng ninuno. Kaya naman, mahalaga na ang mga ito ay maisadokumento, maituro, mailayag at mailunsad upang mas marami pa ang mga makabatid at makaalam. Ang paglaho o pagkamatay at pagpapanatili ay nakasalalay sa mga susunod na henerasyong may pakialam sa totoong katauhan at identidad na Tanaueño. Maaaring yakapin ang pag-unlad ngunit huwag itakwil ang pinagmulan.
4. Likom-Layag-Lunsad, prosesong isasakatuparan sa lahat ng mga nakalap na impormasyon mula sa nakapanayam ay maisasadokumento, mula sa proseso ng paglalayag hanggang sa proseso ng paglulunsad. Malaking tulong ang mga

nakalap na datos upang mas mapaigting at lalong mapanatiling buhay ang mga kalinangang yamang mayroon at taglay ang Lungsod ng Tanauan, Batangas. Katuwang ang Kagawaran ng Edukasyon, mula sa paaralan hanggang sa Sangay ng Lungsod ng Tanauan at maging sa ahensya ng Turismo, ay sisikapin ng mananaliksik na ang mga naisadokumentong mga impormasyon ay isasama at mas ipakikilala sa mga mag-aaral o kabataan at maging sa mamamayang Tanaueño. Layunin ng pag-aaral na ito na manatiling buhay ang mga kalinangang-yamang unti-unting nawawala o namamatay sa pagdaan ng maraming panahon. Mahalaga na ito ay maidaan sa bawat barangay at maging sa Punong Lungsod ng Tanauan upang maipakilala at maging batayan ng dokumentong magpapanatili sa kalinangang-yaman mayroon ang nasabing lungsod. Makikipag-ugnayan ang mananaliksik sa konsehal ng bayang namamahala sa edukasyon at turismo, at maging sa ahensya ng Turismo at Kultura na magpapanatili at magpepreserba ng kultura, wika, at panitikang Tanaueño. Sa usaping edukasyon, makikipag-ugnayan ang mananaliksik sa Kagawaran ng Edukasyong namamahala sa *Learning Resources Management Development System (LRMDS)* upang ang mga nakalap na wika at panitikan sa lungsod ay maisama sa kagamitang pampagkatuto-pampagtuturo partikular na sa panitikang Rehiyonal. Ang gawaing ito ang mas magpapakilala sa yamang taglay na kikilala sa galing ng Pamanang Yamang Tanaueño. Sa pagpapalawig lalo't higit ng pamanang yamang nabanggit, mas ipakikilala ito sa antas-Nasyonal kagaya na lamang ng pagpapakilala nito sa NCCA at Komisyon sa Wikang Filipino na lalong kikilala sa natatanging yamang taglay ng Lungsod ng Tanauan, Batangas.

5. May nabuong kagamitang panturo upang mas mapaigting ang preserbasyon, kultibasyon at lokalisasyon ng mga pamanang yamang Tanaueño mula sa kultura (materyal at di-materyal), panitikan at wika.ng Tanaueño na lalong magpapakilala sa Lungsod ng Tanauan.

Rekomendasyon

Batay sa lumabas na resulta at kongklusyon sa pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na rekomendasyon upang higit pang mapaunlad ang pagpapalakas ng pamanang yamang mayroon ang lungsod ng Tanauan:

1. Mas lalo pang paigtingin ang mga pamanang yamang Tanaueño sa aspektong:
   1.1 kultura
      1.1.1 itampok sa mga araling Filipino ang mga natatanging yaman ng Tanauan. Ang mga natatanging pook-pasyalan, simbahan, pook-panturismo, mga natatanging pagkakakilanlan ng Tanauan, at iba pa lalo na sa kabataan, mamamayan at mga di-lehitimong taga-Tanauan.
      1.1.2 isama sa mga aralin ang mga nakalap na impormasyon ng mananaliksik lalo na ang pagtalakay sa oral na panitikan. Magandang ipatukoy sa mga mag-aaral ang katotohanan at di makatotohanang bahagi ng mga paniniwalang nakagisnan. Gayundin, maaaring gamitin ito sa usaping mas magpapalalim sa paniniwala ng isang mag-aaral.
   1.2 Pampanitikan

Gamitin ang mga nakalap na impormasyon upang mas makilala ng mga mag-aaral ang sariling kanila. Sa usaping lokalisasyon, maaaring gamitin batay sa *genre* na nakapaloob dito upang makaugnay na rin ang mag-aaral sa kanilang tatak at ugat.

1.3 Pangwika

Maaaring ipakita sa mag-aaral ang mga tila obsolitong mga salitang Tanaueño upang magkaroon ng kabatiran ang mga ito. Tiyakin lamang na mauunawaan ng mga bata ang panumbasan nito sa simple at payak na katuturan. Maaari pang humagilap at magpahagilap sa mag-aaral ng iba pang mga salitang Tanaueño, na maaari din nilang tanungin sa mga matatandang kapamilya o kakilala. Nakadadagdag ito ng bokabularyo ng mag-aaral.

2. Maghanap pa ng iba pang makakalap na impormasyong may kinalaman sa pamanang yamang Tanaueño. Sipatin kung may pagkakaiba sa magiging salaysayin ng mga lehitimong taga-Tanauan at ng mga nanirahan lamang sa Tanauan dahil sa iba't ibang salik (gaya ng pag-aasawa ng taga-Tanauan, mga nag-ibang bayan na umuwi na lamang sa lungsod ng Tanauan, at iba pa). Gayundin, maaaring alamin kung nakaaapekto ba sa kasalukuyan ang mga pagbabagong nagaganap. Sipatin kung paaanong nagbabago ang pagtingin ng mag-aaral sa iba't ibang *genre* ng panitikan, paraan ng paglalahad at maging sa paggamit ng wika.
3. Ituro sa kabataan o mag-aaral at mamamayan ang mga naisadokumentong pamanang yaman, upang mas mapalakas pa ang pagkilala sa identidad ng isang lugar o bayan.
4. Magsagawa pa ng mga pag-aaral tungkol sa paglilikom ng mga salaysayin para sa preserbasyon at pagpapayaman ng panitikang lokal o rehiyonal. Maaaring sa lugar naman ng susunod na mananaliksik ito isakatuparan. Maaari ding taluntunin at kapanayamin ang mga opisyal ng bawat barangay upang matukoy pa nang mas malalim o malawak ang tunay na pinagmulan ng kani-kanilang barangay.
5. Isama ang nabuong pag-aaral sa pagtuturo ng panitikang Rehiyonal bilang tugon ng Kagawaran ng Edukasyon sa lokalisasyon at integrasyon ng mga babasahing lokal at rehiyonal lalo na sa makabagong kurikulum, kasama na rin ang MATATAG Kurikulum.

Etikal na Pagsasaalang-alang sa Pag-aaral

Dahil ang mga impormanteng katandaan ay nasa edad 60 gulang pataas, nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa mga tagapangalaga ng mga ito upang masiguro na ang kanilang damdamin at emosyon hinggil sa pag-aaral ay ligtas at hindi makasasama sa kanilang nararamdaman. Upang maging ganap at pormal ang pagsasagawa ng pakikipanayam, nagpaalam din ang mananaliksik mula sa pinuno ng katandaan sa tanggapang panlungsod at pambarangay upang maging pormal ang ugnayan at walang masasagasaang tanggapan. Isinama rin ng mananaliksik ang paghingi ng pahintulot sa Punong Panlungsod at Punong Pambarangay, at sa Konsehal ng Bayang namamahala sa katandaan, kultura at edukasyon. Tiniyak ng mananaliksik na maitatago rin ang personal na detalye ng mga impormante batay na rin sa *Data Privacy Act of 2012.* Kikilalanin ang mga impormante bilang mga pangunahing lundayan ng impormasyong makatutulong sa pag-aaral at ang kanilang kuwentong isasadokumento upang makabuo

ng koleksyong mananatiling buhay sa pagdaan ng maraming panahon na magiging tanda ng katandaan sa pamanang yaman ng Lungsod ng Tanauan.

Pasasalamat

Ang mananaliksik ay nagpapasalamat sa mga taong tumulong at naging bahagi sa pagbuo ng pananaliksik na ito. Ang tagumpay ng pananaliksik na ito ay mula sa sumusunod:

Sa lahat ng bumubuo ng *Academic Affairs* ng Lyceum-Northwestern University-Dagupan City Campus, ang mananaliksik ay lubos na nagpapasalamat sa walang hanggang pagsuporta at pagtulong upang matapos at makamit ang digring ito.

Sa Dekana ng *Institute of Graduate and Professional Studies* at Tagapangulo ng Lupon ng Pagsusulit na Pasalita na si Dr. Marina O. Abella, lubos ang pagpapasalamat ng mananaliksik sa mahusay na pamumuno sa paaralang Gradwado, walang hanggang pagmamahal at pagtulong sa mga mag-aaral, walang humpay na pagsuporta at pagbibigay-pahintulot na maisagawa at matapos ang pag-aaral na ito.

Sa maunawaing tagapayo ng mananaliksik, Dr. Ma. Theresa E. Macaltao na walang sawang gumabay, nagbigay ng kaniyang kaalaman at pagtitiyaga sa pagsasaayos ng pag-aaral na ito upang maisakatuparan at matapos nang matagumpay at maayos.

Para naman kay Dr. Rodelio C. Gauuan, kasapi ng Lupon ng Pagsusulit na Pasalita na nagbigay ng gabay, kaalaman at karunungan, at walang katawarang pagtitiyaga sa pagbabasa at pagsasakatuparan ng pag-aaral. Hindi matatawaran ang inyong ginawa sa aking pag-aaral upang mapabuti pa ang ibang aspekto ng aking pag-aaral lalo na pagdating sa mga dapat mabatid ukol sa kwalitatibong pananaliksik.

Para naman kay Dr. Cynthia P. Lopez, kasapi ng Lupon ng Pagsusulit na Pasalita sa kaniyang pagtitiyaga, pagmamahal at pagbibigay-inspirasyon sa mananaliksik na tapusin ang pananaliksik sa madaling panahon. Malaki ang inyong naiambag na tulong sa pag-aaral mula umpisa hanggang sa huling semestre ng aking pag-aaral.

Para naman kay Dr. Marilou E. Cayabyab, kasapi rin ng Lupon ng Pagsusulit na Pasalita sa kaniyang pagbibigay-kaalaman, karunungan at pagtitiyagang basahin ang pag-aaral upang mapaganda at maisakatuparan ito nang matagumpay.

Para naman kay Dr. Relly Rachelle D. Abalos, kasapi rin ng Lupon ng Pagsusulit na Pasalita sa kaniyang pagpapahusay at pagsasaayos ng aking pag-aaral. Nagkaroon nang mas magandang takbo ang aking pag-aaral sapagkat ikaw ay nagbigay ng mas magandang kaalaman at kontribusiyon sa pag-aaral.

Sa mga pangulo ng katandaan sa pangunguna ni G. Leonardo O. Mercado, maraming salamat sa inyong walang sawang pagpayag sa paghingi ng pahintulot na makapanayam ang katandaan ng lungsod ng Tanauan.

Sa mga nakapanayam na katandaan, maraming salamat sa inyong walang sawang pagbibigay ng inyong kuwento at pagtitiwala upang maisadokumento ang mga ito.

Sa Konsehala na namamahala sa Kultura at Edukasyon, Kgg. Czylene T. Marqueses, sa maalab na pagtanggap sa panawagang magsaliksik at sa pagbibigay ng mga puntong mas magpapaganda pa sa pag-aaral. Lubos na pinahahalagahan ang sandaling huntahan ngunit sulit na sulit.

Sa asawa ng mananaliksik, Dr. Diosdado M. Melanio, na isa rin sa kanyang tiningalang guro upang matapos ang pananaliksik na ito. Maraming salamat sa laging pagpapalakas ng loob at pagbibigay ng lahat ng uri ng suporta at sa walang sawang paghihikayat at pagpapalabas ng kakayahan ng mananaliksik. Maraming salamat lalo na sa pagsama sa mga pangangalap at pagsasadokumento ng mga kuwentong ito. Lubos niyang pinahahalagahan lahat ng iyong pagsusumikap at paggawa ng paraan upang siya rin ay makatapos.

Para sa kanyang minamahal na si MattMatt, anak, alay sa iyo ni Nanay ang pananaliksik na ito. Maraming salamat dahil ikaw, kasama si Tatay, ay ang kanyang pahinga at lakas sa oras ng panghihina at pagkapagod.

Sa kanyang pamilya at mga kamag-anak, Nanay Badette at Tatay Fidel sa kanyang biyenan na sina Nanay Sylvia at Tatay Juanito na walang sawang sumuporta, pampinansiyal man o moral, naging kaagapay at sa kanilang pagpapalakas ng kanyang loob na ipagpatuloy, tapusin at buoin ang pananaliksik na ito.

Sa kanyang kapatid na sina Kuya Ed, Kuya Jr, Ate Gina, Kedwin (+), Niño, Emman at Jessie na nagsilbing kabahagi sa hirap at pagsubok na dinanas upang matapos ang pag-aaral na ito. Mahalaga sa kanya na nakasubaybay kayo sa kanyang mga magulang habang siya ay abala sa pagtapos ng kanyang pananaliksik. Sa kanyang mga hipag, sina Precy, Cielyn, Yen, Aileen, Ate Lovely, Ate Jacky at Judy; at sa mga bayaw na sina Kuya Jr, Anthony, Marck, salamat din sa inyong presensya. Maging sa kanyang mga pamangkin, maraming salamat kina Ayen, Aven, Aireen, Baki, Alilis, Chynna.

Para sa kanyang minamahal na Lola Pors (+), lola, ikaw ang ang inspirasyon upang ituloy niya ito. Ang iyong kuwento ang nagbigay sa kanya ng ideya upang ito ang isakatuparang pag-aaral sa kanyang doktorado. Pananatilihing buhay ang iyong mga kuwento. Salamat po sa isang masayang alaala, baon niya ito habambuhay.

Para naman kay Gng. Ma. Teresa M. Urayan na dati niyang Pansangay na Tagamasid, maraming salamat sa iyong walang sawang pagsuporta, paggabay, pagpayag at pagsang-ayon sa kanyang mga pakiusap. Malaki ang inyong naging ambag sa kanyang katagumpayan mula umpisa hanggang sa kasalukuyan.

Sa kaguruan ng Malaking Pulo NHS at Tanauan City Integrated HS na naging kabalikat niya sa pag-aalaga sa kanyang mga mag-aaral sa tuwing siya ay naliliban upang isakatuparan ang kanyang pag-aaral, hindi matatapos at mabubuo ito nang wala ang inyong tulong at suporta.

Sa aking mga mag-aaral sa Malaking Pulo NHS at Tanauan City Integrated HS na naging kasiyahan niya sa oras ng kanyang kalungkutan, maraming salamat sa inyo.

Sa mga gurong eksperto na nagsilbing tagapayo at balideytor ng kanyang talatanungan, marami pong salamat sa inyong ibinahaging kaalaman at karunungan. Naging maganda ang kahinatnan ng kanyang pag-aaral dahil sa inyo.

At higit sa lahat, sa Poong Maykapal na nagbigay sa mananaliksik ng karunungan, lakas, kakayahan at paggabay upang malampasan ang pagsubok na kanyang hinarap hanggang sa matapos ang pag-aaral na ito.

REFERENCES

Alicio, B. (2009) Cutural Relativism. Mula sa www.chegg.com-cultural-relativism
Apostol, E (2010). Orakulo ng Kapalaran ni MJ. Enriquez mula sa https://varsitarian.net

Batas Republika 7356, 1992. Pagbuo ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA)

Deped ORDER No. 31, s. 12. Policy Guidelines on the Implementation of Grades 1 to 10 of the K to 12 Basic Education Curriculum (BEC) Effective School Year 2012-2013. https://www.deped.gov.ph/. Hinango noong Pebrero 1, 2023.

Edsomwan, Simeon at Peterson, Claudette A. A History of Oral and Written Storytelling in Nigeria. Dakota State University. (2012): 91-99. Print.

NCCA-ICH-Lagawe. Bogwa. Social Practices, Rituals, and Festive Events. National Commission for Culture and the Arts-Institute of Culture and Heritage Lagawe. (2008): 137-138. Print.

Ponsalan, T. (2007) Curriculum and Instruction: Edukasyon sa Pagpapahalaga at Edukasyong Pagpapakatao. Values Education Program (VEP). Framework. DepEd

Salazar, Zeus (1996). Pilosopiyang Pang-edukasyon. https://pdfcoffee.com/. Hinango noong Pebrero 5, 2023.

Timbreza, P. VM (2008). Panitikang Filipino Antolohiya Binagong Edisyon, Mandaluyong City: National Book Store.

Zafra, N. (2010). Ang Tatlong Maikling Kuwento ni Efren Abueg: Layunin at Kaugnayan nito sa Lipunan. Pananaliksik. https://www.scribd.com. Hinango noong Pebrero 9, 2023.

APA Citation:

Santos-Melanio, F. L. (2024). TANDA NG KATANDAAN: LIKOM-LAYAG-LUNSAD SA PAMANANG YAMANG KULTURA, PANITIKAN, AT WIKANG FILIPINO SA LUNGSOD NG TANAUAN. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2(12), 117–132. https://doi.org/10.5281/zenodo.14310740

fatznafatz2@gmail.com